

Ang Concepto ng Bëngkulën ng mga Teduray na Makikita sa Kanilang Fëgulukësën

*Esther L. Laguidao*¹

ORCID No. 0000-0003-2923-1729

*Melba B. Ijan*²

ORCID No. 0000-0002-3748-0218

Abstrak

Layon ng papel na maipamalas ang konsepto na nagpapakita ng *bëngkulën* sa mga *fëgulukësën* (kwentong-bayan) ng mga Teduray sa Upi, Maguindanao. Kombinasyon ng kuwalitatibong disenyo sa pamamagitan ng naratibong pamamaraan at indehinus o pamamaraang pangkatutubo ang ginamit na metodo sa pananaliksik. Sinuri ang mga nakalap na mga fëgulukësën sa pamamagitan ng palarawan/ deskriptibong pagsusuri, partikular ang pamaraang kontent analisis upang mailahad at masuri ang konsepto ng bëngkulën at idehinus naman ang ginamit sa pangangalap at balidasyon ng datos mula sa mga piling impormanteng Teduray. Tiniyak ng papel na mabigyang kasagutan ang mga sumusunod na mga katanungan: ano-anong mga kuwentong bayan at naratibo ng mga Teduray ang naglalahad o nagpapakita ng kanilang tradisyon kaugnay sa *bëngkulën*; ano ang konsepto ng *bëngkulën* ng Teduray ang ipinakita sa kanilang mga Fëgulukësën at ano ang positibo at negatibong *bëngkulën* ang makikita mula sa mga fëgulukësën? Lumabas na nakapagtala ng mahigit sa 10 fëgulukësën ng mga Teduray ang kakikitaan o naglalahad sa kanilang tradisyon ng bengkulen. Mula rin sa mga fëgulukësën naitala ang sumusunod na positibong konsepto ng bëngkulën: (1) bilang mahigpit na pagsunod sa tradisyon at kaugalian ng mga Teduray; (2) produkto ng kolektibong kamalayang Teduray na pinagbinhi ng mga pangitaing nagmumula sa kanilang nakaraan; (3) konstruktibong panloob na pagtingin, isang kulminasyon ng gunitang anestral mula sa pag-alok, pagtanggap, pagpigil at pagkatakam hanggang sa paglaban. Mula sa resulta, natuklasan na mayaman sa kultura at tradisyon ang mga fëgulukësën ng mga Teduray.

Susing-salita: Bëngkulën, fëgulukësën (kwentong-bayan), konsepto, katutubong kamalayan, Teduray

¹ Upi Agricultural School

² Mindanao State University-Iligan Institute of Technology

Ang panitikang-bayan ang behikulo ng danas, kasaysayan at dalumat ng bayan patungo sa kasalukuyang panahon. Ito ang naglalanta sa natatangi o pekulyar na *tinuhuan, kaakuan at identidad* na isang pangkat na sama-samang nabubuhay sa isang lipunan. Dito nila ipinapahayag ang kanilang natatanging kasaysayan, tradisyon at kultura. Ito rin ginapampanang halaga ng fëgulukësën sa bayan at lipunan ng mga Teduray. Naidodokumento at naipakilala ang kultura, kaugalian at paniniwala ng mga taga-Upi bago pa lumaganap ang relihiyong Kristiyanismo sa bansa at magkaroon ng akulturasyon dahil sa kanilang fëgulukësën (kwentong-bayan). Ito ang nagbibigkis sa mga Tëduray bilang isang lipunan, ang humuhubog sa kanilang pagkatao at sa kanilang pagiging tanging (unique) mamamayan.

Tulad ng nararanasan ng ibang tangi na pangkat-etniko na nakain ng *gahum* ng pagbabago at modernisasyon, ang kultura ng mga Teduray rin ay nanganganib at hindi ligtas sa pagbabagong dala ng teknolohiya; kaya isang malaking ambag sa hamon ng panganib at pagkawala ang pagsasagawa ng pananaliksik sa fëgulukësën ng Teduray.

Sa kasalukuyan, nagsisilbing batis ang fëgulukësën sa mga batas at tuntuning mahigpit na ipinatutupad sa bayan ng Teduray. Nailarawan sa kanilang pananaw sa mga pangyayari at minsan nagiging gabay sa kanilang gawi, kilos at pakikitungo sa mga nakapalibot sa kanila tulad ng kanilang mahigpit na pagsunod sa kinagisnang *bëngkulen*.

Ang *bëngkulen* ay tinatawag na *sin of omission* o “kasalanan sa pagkalimot o pagpapaliban” (Trecero, 1972). Batay ito sa paniniwala ng mga Tëduray na ang isang tao na nagpalibang kumain, uminom, manigarilyo, manahi, at iba pang nais o gustong gawin ay maaring maparusahan. Maaring matumba o mawalang malay na

kanyang ikamatay. Naniniwala ang tribo na huwag kontrahin o ipagpaliban ang gusto o kini-crave para maiwasang ma-*bëngkulen*.

Ayon naman kay Gunsí, “ang *bëngkulen* ay hindi lang pagkalimot o pagpapaliban ng nasa o gusto. Ang pagtanggap sa ano mang inaalok lalo na sa pagkain, inumin maging sigarilyo ay *bëngkulen*” (G. Gunsí, personal communication, Pebrero 2, 2019). Bagama’t walang siyentipikong batayan ang ganitong pananaw, pinananiniwalaan pa rin ng karamihang Tëduray sa ngayon at sinisikap nilang hindi ma-*bëngkulen* dahil itinuturing itong malaking kasalanan. Ayon kay Bello, sa paniniwala nila, “ang tao, mga pagkain, inumin at kalikasan ay may kaugnayan sa isa’t isa dahil pareho silang may ispiritu. Ang pagkain at inumin ay kadalasang nagmula sa kalikasan at kapag ito’y iyong tinanggihan at hindi pinahalagahan ay magtampo o magagalit ang ispiritu nito na maaring magsumbong sa ibang ispiritu na dahilan ng ikapapahamak ng taong tumanggi at maaring dahilan ng kanyang pagkadisgrasya o maaring humantong sa kamatayan” (S. Bello, personal communication, Pebrero 2, 2019).

Patunay nito ang kanilang fëgulukësën o fëgulukësën (kwentong-bayan) na nagpapakita at naglalarawan sa mga naging danas ng bayan at Teduray kaugnay sa kanilang tradisyon ng *bëngkulen*, ito man ay kathang isip lang o bunga ng imahinasyon, subalit hindi maitatangging salamin ng buhay ang panitikan, kaya posibleng makatotohanan ang mga kwentong ito. Ito ang nagbibigay lakas na gawan ng pananaliksik ang panitikang bayan ng mga Tëduray hinggil sa kanilang pag-uugali at kagandahang-asal nang higit na mabigyan ng malalim na kaalaman ang hindi Tëduray hinggil sa kanilang buhay, lipunan at kultura bilang mga Tëduray. Napapanahon nang pag-aralan ang panitikang rehiyonal tulad ng mga Tëduray upang maipakita

ang kanilang lahi at pinagmulan higit-lalo sa kanilang pamahiin sa *bëngkulën* na kalaunan ay maisasangkap sa kanon ng panitikan ng Pilipinas. Magiging behikulo ang papel na ito upang ang antas ng pagkaunawa at pagpapahalaga ng mga kasapi ng kultural na komunidad ay higit pang lalawak at lalalim.

Paglalahad ng Suliranin

Pangkalahatang layunin ng pag-aaral na ito na mailahad at masuri ang iba't ibang konsepto ng *bëngkulën* sa kulturang Tëduray sa kanilang mga fëgulukësën. Malawak ang dalumat ng *bëngkulën* sa kulturang Tëduray sa Upi, Maguindanao. Bagaman ito ay malinaw na tumalakay sa konsepto ng *hiya* sa kanilang kultura subalit nagtataglay rin ito ng talinghaga ng pagpipigil ng nasa at/o gusto nila. Upang maipalutang ang nosyon ng *bëngkulën*, sinikap na sagutin ang tiyak na tanong:

1. Ano-anong mga kuwentong bayan at naratibo ng mga Tëduray ang naglalahad ng kanilang tradisyon ng bengkulen?
2. Ano ang konsepto ng *bëngkulën* ng Tëduray ang ipinakita sa kanilang mga fëgulukësën (kwentong-bayan)?
3. Ano ang positibo at negatibong *bëngkulën* ang makikita mula sa mga fëgulukësën?

Layunin ng Pag-aaral

Mainit na usapin sa kasalukuyan ang paglulugar ng mga panitikang rehiyonal sa kanon ng pambansang panitikan. Haka ng maraming mga manunulat katulad ni Lumbera at Lucero na kailangang magsasangkap ng ideolohiya at katangiang rehiyon ang mga akdang itatanghal bilang pambansa. Ito ang tinanggap na hamon ng pananaliksik na naglalayong ipakilala ang nosyon ng *bëngkulën* sa mga fëgulukësën at naratibo ng mga Tëduray higit-lalo ng mga babaeng Teduray.

Isa pa sa nagtulak sa papel na ito ang sariling konsepto ng mananaliksik na hindi lamang nagtataglay ng estetikong karanasan ang fëgulukësën; ito ay estimulanteng pisikal na disiplina, instrumento o bagay sa pagpapanatili sa respeto, behikulo para sa pakikipag-ugnayang sosyal, moda ng pagpapahayag, nagpapakita ng uri ng intelektwal na kakayanan, naglalarawan sa uri ng libangan at paraan ng pagpapatibay ng mga pagpapahalaga at paniniwala. Ngunit sa panahon ngayon ng automaton at pagsulong ng kaisipang kanluranin sa lipunang Pilipino, ang mga nabanggit kaugnay sa kwentong-bayan ay unti-unting nang nawawala subalit sa kaso ng Teduray nanatiling nakagapos sa taling itinakda ng mga ninunong matagal nang namayapa lalo sa mga babae ng ilang pangkat-etniko ng bansa tulad ng mga Teduray. Ang nosyong ito ang nakapagpasigla upang gumawa ng pag-aaral sa paglalayong maipaabot ang ganda, natatanging katauhan, pag-uugali, panitikan at kultura ng mga Teduray ng Upi sa bayan ng Maguindanao. Layon din nitong maitanghal ang magandang naratibo na nakapaloob sa mga fëgulukësën ng Upi hindi lamang upang mabasa kundi maunawaan ang natatanging haraya ng pag-iisip ng pangkat.

Batayang Teoretikal

Sensitibo at mahiyain ang mga Pilipino, lalo ang kababaihan. Simula pa lang nakakahon na ang mga gawi at kilos ng mga Pilipina sa loob ng tahanan dala ng gapos na itinakda ng ating lipunan. Laging mayroong pagtatakda sa konsepto ng hiya sa bawat kasapi ng pamilya, lalong-lalo na sa mga babaing gaya ng mga nabasa at inilalarawan ng mga akdang pampanitikan na ibinabahagi sa loob ng paaralan. Ganito rin ang laman at pinapaksa ng mga fëgulukësën ng mga Tëduray lalo pa at bahagi ng kanilang kultura ang *bëngkulën*.

Pinagbatayan sa pag-aaral na ito ang teoryang *narratology* o naratolohiya. Isang teoryang ginagamit sa pag-aaral ng istruktura ng kuwento o paano ang istrukturang ito ay nakapagbibigay-kahulugan sa teksto ng kuwento. Mula sa mga kuwento maaaring makikita o masasalamang ang kasaysayan ng isang lahi dahil bawat teksto ay may kahulugan hindi lamang ito nilikha upang maging libangan ngunit ito ay makabuluhan. Ang layunin nito ay pag-aralan ang kalikasan ng kuwento bilang nakasanayang praktis. Hindi tinitingnan ang kasiningan ng isang akda ngunit ang tinitingnan ay ang gamit ng kwento at ang nilalaman nito. Ang mahalaga ay nabuo ang kwento dahil may gustong mangyari at maaring mangyari at ang tumutukoy dito ang kahulugan ng akda.

Sa teoryang ito, mahalagang pagbatayan ang mga sinabi nina Aristotle, Propp at Genette (nasa Barry, 2002) sa pagsusuri ng istruktura ng isang kwento. Binigyang-diin ni Aristotle na mahalagang matukoy ang mga tauhan at aksyon sa kwento dahil ito ang mahalagang elemento ng isang kwento. Kailangan maipakita ang tauhan sa pamamagitan ng aksyon o kilos at sa tulong din ng mga pangyayari sa kwento.

Ayon kay Propp (1987) isang Russian formalist, "*events have a due order*," gusto niyang patunayan na lahat ng naratibo ay halos may pagkakapareho. Sa ginawa niyang pag-aaral ng sandaang kuwentong-bayan, gusto niyang patunayan na lahat ng naratibo ay halos may pagkakapareho, iba-iba lang ang papel na ginagampanan ng mga tauhan.

Para naman kay Genette (2016), isang promenenteng naratolohista ang binibigyang pokus sa naratibo ay ang mismong kwento. Sinusuri ang kwento kung sino ang tagapagsalaysay, ang kanyang saloobin sa naratibo. Inaalam din ang pagsulong ng kwento at ang banghay

ng kwento. Magkaiba ang kahulugan ng kwento sa banghay ng kwento. Tuon ng teoryang ito, ang pagkasunud-sunod ng mga pangyayari sa loob ng kwento, na nag-uumpisa sa simula patungo sa katapusan na walang nakaliligtaang pangyayari. Maaring sisimulan ang pangyayari sa gitna patungo sa katapusan at babalik sa simula o balik-tanaw (Dimaudtang, 2013).

Tinitingnan ng *narratology* kung ano ang karaniwan sa mga naratibo at kung ano ang pagkakaiba nito sa iba. Tulad ng *structuralism* at *semiotics*, binaybay nito ang pinagmulan, pinaniniwalaan ang naratolohiya ay batay sa ideya ng isang karaniwang wikang pampanitikan, o isang unibersal na *pattern* ng mga *code* na nagpapatakbo sa loob ng teksto (Pradi, 1984). Mula sa mga kwento nakakalikha ng pagpapakahulugan sa pang-araw-araw na nangyayari sa tauhan kung ano ang kinikilos base sa papel na ginagampanan niya sa kwento na maaaring pagbatayan sa kanyang kinagawian o paniniwala. Ayon naman kay Ferdinand de Saussure (Malpas & Wake, 2006), ang mga salaysay ay nagsisiyasat kung paano nabubuo at inaayos ang mga bagay-bagay o mga pangyayari upang makita ang kabuluhan nito. Dito makikita kung paano gumagawa ng kahulugan ang mga sanaysay.

Naniniwala si Meister (2003) na mainam gamitin ang dulong naratolohiya sa pag-aaral at pagsusuri ng akdang pampanitikan dahil dito nasusuri o makikita ang prinsipyo, kinagawian, paniniwala at ibang gawi ng mga tauhan sa isang akda. Sa pamamagitan ng teoryang ito makikilala at malalaman ang pinaniniwalaan ng tauhan sa kwento.


Binigyang-diin ng teoryang naratolohiya na ang lahat ng bagay dito sa mundo ay may kahulugan maging ang mga teksto at ang mga pamahiin na siyang pinagbatayan sa mga ginagawa sa pang-araw-araw sa buhay.

Sa mga fegulukësën at naratibo ng

isang pangkat ay nakapaloob ang kanilang kasaysayan, kultura at paniniwala. Ang kultura ng isang tao ay ang papel na kanyang ginagampanan sa lipunang kinabibilangan at ang paraan kung paano siya makisalamuha at kumilos sa lipunang kinabibilangan. Binanggit pa ni Greenblatt (1943) na kung magsasalita tayo tungkol sa “kultura” ang ibig sabihin ay iba’t ibang nakasanayang kaugalian at paniniwala. Tulad ng mga Tëduray masasalaming sa kanilang pamahiing *bëngkulën* ang kanilang kultura.

Figyur 1

Iskima ng Paradaym ng Pananaliksik



Sa papel na ito, ipinakilala ang lipunang Tëduray batay sa kanilang kultura at paniniwala na makikita sa kanilang mga fëgulukësën at naratibo. Nagiging daan ito upang mabigyan ng pansin ang pangkat etniko na ito at makilala ang kanilang pinaniniwalaan at batayan sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Katutubong kalinangan o talino ng ating mga ninuno ang kanilang fëgulukësën (kwentong-bayan) kaya malaki ang posibilidad na sangkap nito ang katutubong kaugalian ng mga mamamayan ang sangkot o kumikilos sa istorya ng fëgulukësën. Naniniwala ang mananaliksik na ang mga fëgulukësën ng

mga Tëduray ay paraan ng pagpapatibay ng mga pagpapahalaga at paniniwala kaya naglalarawan o kung hindi man naglalahad sa konsepto ng hiya/*bëngkulën* nila.

Larawan ng buhay ng isang pangkat ang panitikan, kaya sa pag-aaral na ito naging sentro ang fëgulukësën ng mga Teduray. Umiikot ang pananaliksik sa paniniwalang nagpapakita ng panlipunan at panlahing pagkakakilanlan ang panitikan ng isang bayan, masasalaming dito ang pinagmulan ng isang lahi, ang kanilang paniniwala tulad ng kahong iniugnay ng isang linya mula sa fëgulukësën. Sa fëgulukësën ay makikita ang paglikha/alamat, pagpaparami, kata-tawanan at mitolohiya. Kung gayon, mula sa panitikang-bayang ito mahihimay ang *bëngkulën* o konsepto ng hiya na maaaring nagtataglay ng positibo at negatibong pangyayari sa buhay ng mga Teduray na siyang nakapaloob sa huling kahon. Ilalahad ng pananaliksik sa tulong ng mga datos na maipakita ang konsepto ng *bëngkulën* sa buhay at lipunan ng mga Teduray.

Metodo

Kombinasyon ng kuwalitatibong disenyo sa pamamagitan ng naratibong pamamaraan at indehinus o pamamaraang pangkatutubo ang ginamit na metodo sa pananaliksik. Sinuri ang mga nakalap na mga fëgulukësën sa pamamagitan ng palarawan/deskriptibong pagsusuri, partikular ang pamaraang kontent analisis upang mailahad at masuri ang konsepto ng *bëngkulën* at idehinus naman ang ginamit sa pangangalap at balidasyon ng datos mula sa mga piling impormanteng Teduray. Sa kwalitatibong-analitikal na pananaliksik ang pagsagot sa mga layunin o mga katanungan binuo sa pananaliksik na ito. Pabuod ang mga sagot mula sa resulta at kinalabasan ng mga datos kaugnay ng mga layunin tungkol sa: ano-anong mga

kuwentong bayan at naratibo ng mga Tëduray ang naglalahad o nagpapakita ng kanilang tradisyon kaugnay sa *bëngkulën*; ano ang konsepto ng *bëngkulën* ng Tëduray ang ipinakita sa kanilang mga fëgulukësën at ano ang positibo at negatibong *bëngkulën* ang makikita mula sa mga fëgulukësën?

Ang mga Kalahok

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay mula sa munisipalidad ng Upi. Isang sinadyang-impormante (purposive sampling) ang ginamit sa pagpili ng magiging kalahok sa pag-aaral na ito. Ang pagpili ng mga impormante ay ayon sa binuong krayterya itinakda ng mananaliksik. Ang mga impormanteng pasok sa nabanggit na krayterya ay naging bahagi ng pakikipanayan at pangkatang talakayan (focus group discussion).

May dalawang pangkat ng kalahok ang pag-aaral na ito. Ang mga respondente ay pagkukunan sa mga termino sa pamamagitan ng interbyu at ang mga impormante na bahagi ng Focus Group Discussion (FGD). Parehong krayterya sa pagpili ng impormante at respondente ang ginamit. Ang mga sumusunod ay ang krayterya sa pagpili ng impormante at respondente para sa pakikipanayan at pangkatang-talakayan (FGD) gaya ng: (1) katutubong Tëduray sa Upi, Maguindanao, (2) may edad apatnapu't lima (45) pataas, (3) malawak ang kaalaman sa wika at kulturang Tëduray, (4) matatas magsalita ng Tëduray at (5) nakatira sa Upi, Maguindanao ng tatlumpung (30) taon. Pumili ng 30 (tatlumpu) mga impormante, nakapag-aral at hindi nakapag-aral.

Pangangalap ng Datos

Kinalap ang datos sa sampung (10) barangay ng Upi, na kung saan nakatira ang mga Tëduray na nakapanayan at ginawang

impormante gamit ang inihandang mga gabay na tanong para sa sistematikong pangangalap ng datos. Gumamit din ng *audio recorder* ang mananaliksik upang mairekord ang mga datos at iba pang mga mahalagang impormasyon.

Mula sa nalikom at nakalap na *fëgulukësën* ng mga Tëduray, isinalin ito sa Filipino at sinuri para makita ang iba't ibang nosyon ng *bëngkulën*. Pagkatapos naitala ang mga nosyon, nagkaroon ng FGD sa mga katutubong Tëduray bilang balidasyon sa mga naitalang nosyon mula sa mga *fëgulukësën* nang sa ganon ay maiiwasan ang pagsusulat ng gawa-gawa hinggil sa pangkat na ito. Inalam din ang iba pang nosyon ng *bëngkulën* na wala o hindi makikita sa *fëgulukësën* kung ito ay may malaking kaugnayan sa nabanggit na nosyon.

Gamit ang pundasyon sa panunuring pampanitikan, sa mga binanggit na konsepto at teorya, hinimay ang mga *fëgulukësën* ayon sa layon ng pag-aaral. Upang mas mabigyang-diin ang implikasyon ng pag-aaral na ito at makapagbigay ng depenitibong palagay, ang ginawang transkripsyon ay inihanay batay sa mga katanungang nais bigyang kasagutan ng pag-aaral. Ang mga inihanay na mga suliranin ay binigyan ng pangkalahatang analisis na pinagbasehan sa paggawa ng pangkalahatang konklusyon ng pag-aaral, at ang mga nakalap na mga literatura naman ay inihalintulad sa kinalalabasan ng pag-aaral.

Konsepto ng *Bëngkulën* ng Tëduray na Ipinakita sa mga *Fëgulukësën* (kwentong-bayan)

Ang mga alamat at *fëgulukësën* ay isa sa mga mahalagang mukha ng panitikan sapagkat ito ang bumubuo ng identidad ng isang lipunan (Catipay, 2019). Mula sa mga *fëgulukësën* ng mga Tëduray makikilala ang kanilang identidad o pagkakakilanlan

bilang pangkat etniko sa Pilipinas. Sa bahaging ito makikita ang pag-uugali ng tauhan sa mga *fëgulukësën* pinagbatayan sa pagtukoy ng identidad ng mga Tëduray.

Sinasalamin ng panitikan ang buhay at kultura ng isang lahi. Nakikita dito ang kanyang kahapon, ngayon at bukas. Isa rin itong ilaw na nagsisilbing tanglaw sa mga tao o pangkat ng mga tao. Ginagawang gabay sa buhay ang panitikan. Sabi pa ni Reyes (1992) maraming makakatas mula sa panitikan tulad ng kaalaman tungkol sa moralidad, kabatiran tungkol sa pang-araw-araw na buhay, pag-unawa hinggil sa puso at damdamin ng tao, mga batas at alituntunin ng wastong kilos at gawi sa konteksto ng isang komunidad. Ang panuntunan at pinaniniwalaan ng lipunan ay nakapaloob din sa kanilang mga panitikan. Ayon kay De Leon (2017), “maraming gamit ang mga *fëgulukësën*; malilintang ang mahusay na pagpapasya, mamumulat sa ibang kultura, makapagdudulot ng mabuting asal, mahahalagahan ang ibang tradisyon, tumuklas ng ibang pananaw at makaarok sa mga arketipong tunay na bukal ng kabihasanan at kadakilaan.”

Nagsimula sa oral o pasalitang salaysay ang panitikan at naging pasulat ito tulad na lamang ng *fëgulukësën*. Ang mga pasalitang tradisyon ay salamin ng kultura na nagbibigay ng natatanging bagay para sa maiging pag-unawa sa ating sarili at pag-unawa sa iba pa (Eugenio, 1996). Representasyon ng imahe ng isipan ang mga *fëgulukësën* kaya makatutulong ang pag-aaral sa mga pasalitang tradisyon upang maunawaan ang ating sarili bilang isang tao kung ito ay maipapaliwanag. Noon ang *fëgulukësën* ay hindi lamang ginagamit na panakot sa mga bata ngunit ginamit din sa paghubog ng magandang-asal at pagpapalago ng sinaunang paniniwala ng mga bata na isinalin sa susunod na mga henerasyon. Binanggit ito sa pag-aaral ni

Ogdoc (2012):

“Before oral literary tradition had been used to groom the conduct and mold the moral fiber of the children of the Filipinos. These oral traditions served as “artistic capsule” in which their ancestors preserved their social beliefs and values and handed down to their succeeding generations.”

Sa mga *fëgulukësën* makikita ang mga paniniwala ng isang lipunan. Itinatanghal nito ang mga lokal na ugali at paniniwala, mga paniniwalang pilit nilang ipinapaliwanag ang isang reyalidad na hindi kayang ipaliwanag. Tulad na lamang ng paniniwala ng mga Tëduray sa mga ispiritu na nasa paligid lamang bagamat hindi nila ito nakikita pero pinaniniwalaan nila. Ayon sa pahayag ni Schlegel (1999), ang mga ispiritu ay nilikha rin ni *Tulus* tulad din sila ng mga tao bagamat hindi sila nakikita. Dagdag pa niya:

“In the fundamental Tëduray cosmic scheme, the forest- or nature in general-was created to supply humans with abundance of life, and they were here to live harmoniously with it.”

Ang kalikasan at ang tao ay nilikha ni *Tulus* na magkakaugnay at parehong may ispiritu kaya nararapat lamang na irespeto ang kalikasan tulad din ng pagkain na nagmula sa kalikasan. Dito ngayon nagmula ang paniniwala ng mga Tëduray na *bëngkulën*, ang pagpapaliban o pagtanggì sa pagkain ay malaking kasalanan dahil ang tinatanggihan mo ay nagmula sa kalikasan at ito may ispiritu. Kapag tinanggihan ang ispiritu ito ay maaring magalit na dahilan ng kapahamakan o disgrasya.

Sampung *fëgulukësën* mula sa mga aklat at mga impormante ang ginamit sa pag-aaral na ito. Isinalin muna sa Filipino ang

mga *fëgulukësën* pagkatapos, sinuri ang mga *fëgulukësën* at itinala sa talahanayan ang nosyon ng *bëngkulën*. Ginamit sa pagsusuri ang mga ginawang pahayag at pananaw ng mga taong personal na nakapanayam ng mananaliksik.

Talahanayan 1

Ang mga *Fëgulukësën* na Nagpapakita ng *Bëngkulën*

Bilang	Pamagat ng mga <i>Fëgulukësën</i> (kwentong-bayan)
KB#1*	Ispiritoy Sëlingëw (Ang Ispirito ng Kalungkutan)
KB#2*	Tërsang brab Buyak (Ang Araw at Buwan)
KB#3*	Kërëtarew (Uod)
KB#4-	Gëëta Kënogo-laguëy brab Kenogën (Alamat ng Unang Lalaki at Babae)
KB#5-	Fusak Urët bë Katufuay Tëduray yë Ètëw (Ang Pinagmulan ng mga Taong Tëduray)
KB#6*	Timako brab Bungëd (Ang Timako at Bungëd)
KB#7*	I Këfu-u Fu-u Farëy (Ang Alamat ng Palay)
KB#8*	Bërimalanën Kënogo-laguey (Ang Mahiyaing Panauhin)
KB#9*	I Këfëgany Ranao Weh (Ang Alamat ng Ranao)
KB#10*	Ubal brab Klibangbang (Si Unggoy at Paruparo)

Nilapatan ng mga pananda ang bawat *fëgulukësën* upang maging malinaw at madali ang pagtukoy at pagsusuri. Ang KB ay kumakatawan sa *fëgulukësën*, # kumakatawan sa bilang nito, * kumakatawan sa *fëgulukësën* na nailathala, at - oral na *fëgulukësën*. Narito ang mga talaan ng napiling *fëgulukësën*.

Sa sampung (10) *fëgulukësën* ng mga Tëduray na nakalap ng mananaliksik, walo (8) ang nagmula sa aklat na nakasulat sa Ingles at dalawa (2) ang mula sa oral na pasalaysay na nagmula sa mga impormante. Ang sampung ito ay nakitaan ng mga konsepto ng *bëngkulën* ayon sa iba't ibang

danang ng mga Tëduray sa loob ng mga salaysayin.

Bëngkulën Bilang Mahigpit na Pagsunod sa Tradisyon at Kaugalian ng mga Tëduray

Makikita sa bahaging ito ang iba't ibang tradisyon at kaugalian ng mga Tëduray na nagsisilbing gabay ng pangkat sa pagpapanatili ng kanilang kultura. Ang kulturang nasunod mula sa kanilang mga ninuno na sumasaklaw sa tradisyon ng bengkulen na siyang matutunghayan sa kanilang mga *fëgulëkusën*. Kaya ang isa sa nagpapakita na konsepto ng *bëngkulën* ay ang mahigpit na pagsunod sa tradisyon at kaugalian ng mga Tëduray.

Matutunghayan sa mga piling *fëgulëkusën* kung paano nila hinubog ang kanilang lipunan at kung paano sila makitungo sa kapwa at ibang pangkat maging sa mga pinaniniwalaan nilang mga ispirito sa kanilang paligid, dahil sa malaking pagpapahalaga ng Tëduray sa *bengkulen*. Bagamat ang ibang kaugalian nila ay walang siyentipikong pinagbabasihan ngunit sinusunod nila dahil ito na ang nakamulang gawi na minana mula sa kanilang mga ninuno, gaya ng pagbibigay pagpapahalaga sa ispirito kaya nagsasagawa sila ng ritwal.

Pagsasagawa ng Ritwal sa Kanilang Hanapbuhay

Tulad ng ibang pangkat etniko sa Pilipinas may mga ritwal ding isinasagawa ang mga Tëduray na makikita sa kanilang mga *fëgulukësën*. Ang mga ritwal na ito ay isinasagawa nila kapag sila ay magkakaingin dahil pagsasaka ang pangunahing hanapbuhay nila. Humihingi sila ng basbas mula sa ispirito upang magkaroon ng masaganang-ani. May ritwal din sila sa panahon ng pag-ani bilang pasasalamat.

Ang *rëtus* ay ritwal sa pag-aani ng palay

o mais. Ayon pa kay Salvador (2019), “tatlo hanggang limang araw bago anihin ang palay ay nag-aani muna sila ng maliit na bahagi ng palay, ibibilad nila, babayuhin, isasaing at pagkatapos ay kakainin ng buong pamilya” (S. Salvador, personal communication, Pebrero 24, 2019). Sa pag-aani pa lamang ng palay, pagbibilad, pagbabayo at pagluto ay may mga ritwal ng dasal na silang ginagawa. Ang *retus* ay nagsisimbolo ng pag-akyat ng grasya sa bahay. Isa rin itong paraan upang hindi *mabëngkulën* at mawalan ng pagkain ang buong pamilya dahil bago anihin ang buong pananim ay nakatikim na ang buong mag-anak. Sa paniniwala ng mga Tëduray kapag hindi nila isinagawa ang *retus* maaring mawawala o umalis ang grasya sa pamilya dahil ang palay ay may ispirito, maari rin itong kainin ng mga insekto, ito na ang tinatawag na *bëngkulën*. Ang *retus* ay matatagpuan sa KB#1* *Ispiritoy Sëlingëw* (Ang Ispirito ng Kalungkutan) matapos silang mag-ani, nagpaalam si Kënogo-lagëy sa kanyang asawa:

“Kënogon, ayëkunah tukawi I ro boh meh brab idëng meh. Wito kuh nah beroh rëtus.”

“Dëb beeme Kënogo-lagëy,” mang Kënogon.” Wito mëh so bero bë deh onok-kayew m-ama”, bang Kënogon. “Been, kago toow ferugay, Kënogo-lagëy brab kago toow fëh klungon”, mang Kënogon.

(“Kënogon, dadalawin ko ang mga magulang mo. Dadalhan ko sila ng retus o unang ani ngunit maliit na bahagi lang ito. Isang kaugalian ang pamamahagi nito sa mga kamag-anak...)...[sa manaliksik ang salin]

Ibinabahagi rin ang *retus* sa pinakamalapit na kamag-anak, kaya nagdala si Kënogo-lagëy sa mga magulang

ng kanyang asawa upang makatikim ng *retus* at mabiyayaan din sila ng pagpapala at hindi mabëngkulën ang buong mag-anak dahil sila ang unang nakatim ng ani.

Pag-aasawa o Pagpapakasal

Isa sa dahilan ang pag-aasawa ng mga Tëduray ang kakikitaan ng bëngkulën. Sa takot ng pamilyang Tëduray na mabëngkulën kaya nagkakaroon ng pinagkasunduang kasal o fixed marriage.

Ang fixed marriage o pinagkasundong kasal, ayon kay Trezero (1972), ay ang pagkakasal sa lalaki’t babae na hindi kilala ang isa’t isa at hindi pa nagkikita. Ang mga magulang lamang ng lalaki at babae ang nagkakasundo sa kasal. Sa mga Tëduray ang magulang ang nagtatakda ng mapapangasawa ng kanilang anak. Ang mga magulang ng binata at dalaga ang mag-uusap sa kasal ng kanilang anak kung magkakasundo sila sa patakaran ng ama ng dalaga ay saka ipakakasal ang kanilang mga anak. Hindi dapat malaman ng dalaga at binata na sila ay ipinagkasundong ipapakasal, kapag nalaman ng binata ay maaaring magpakita sa kanya ang ispirito ng *foko-tawil* o maikli ng bolo at sa dalaga ay magpakita ang ispirito ng *foko-rabing* o maikling palda at sila ay magkakasakit at kung hindi malulunasan ng tamang gamot ay maaaring mamatay. Sa pag-uusap ng mga magulang may isang taong tagapamagitan na bihasa sa *tiyawan* o usapin o patakaran ng mga Tëduray ukol sa pagpapakakasal; ito ay ang *këfëduan*.

Sa KB#2* *Tërësang brab Buyak* (Ang Alamat ng Araw at Buwan). Si *Tërësang* ay nasa tamang edad na ng pag-aasawa kaya ang ama niya ang nag-utos sa kanya na maghanap ng mapapangasawa sa mga anak din ng diyos na katulad nila ngunit wala siyang nakita kaya nagpaalam siya sa ama na sa iba na lamang siya maghahanap.

Nakita niya ang magandang dalagang si Buyak, kaya nagtungo siya sa ama nito at nakipagkasundo na pakakasalan ang anak niya.

”Boh guy Tuluse brab sēnugu-en begēn sēmēlēd libun gēbawaga kuh. Atin enggito guy nga meni atin mēnuyot tuh deb, Menangey yu dini inok mayu temambir lawi. Brab getuwa ko bē kē-angēy guweh dini beniy tiduwoy kēsērēkitēr-kitēre mēbangkēs.”

(Ang ama ko po ay si Tulus, pumunta ako dito para maghanap ng mapapangasawa. Nakita ko po ang anak ninyo at siya ay nagustuhan. Nandito po ako upang hingin ang kamay ng anak ninyo).. [sa manaliksik ang salin]

Sa pahayag na ito nakipagkasundo ang binatang si Tērēsang sa ama ng dalagang napupusuan niya upang hingin ang kamay ng dalagang si Buyak. Pumayag ang ama ni Buyak sa kasunduan nila ni Tērēsang kaya ikinasal sila. Saka na lamang nagkakila ang dalaga at binata pagkatapos ng kasal. Kapag nasa tamang edad na ang lalaki at wala pang asawa, may mga magulang na pinapayagan ang anak na maghanap ng mapapangasawa; ito ang nangyari kay Tērēsang.

Sa *fixed marriage* ang mga magulang lamang ng babae at lalaki ang nag-uusap sa kasal at kapag nagkasundo sila ay ipakakasal na ang mga anak. Ang anak lalo na ang babae ay hindi tumatanggi kahit hindi niya gusto ang lalaki dahil ayaw niyang mapahiya ang ama kaya sinusunod niya ito kahit labag sa kanyang kalooban; dito papasok ang konsepto ng hiya o *bēngkulēn*.

Pagtatakda ng Tamuk o Dowry

Ang pagbibigay ng *tamuk* o dowry ay isa rin sa tradisyon ng mga Tēduray. Katumbas

ito ng *marriage contract* sa kasalukuyang panahon. Kapag nakapagbigay na ng *tamuk* o dowry ang mga magulang at kamag-anak ng lalaki sa mga magulang at kamag-anak ng babae ay maaari nang itakda ang kasal. Ayon kay Gunsı, “pagsapit ng babae sa edad na labintatlo (13) pataas ay maari na siyang tamukan kaya iniingatan na sila ng kanilang mga magulang” (G. Gunsı, personal communication, Pebrero 10, 2019). Makikita ito sa KB#2* *Tērēsang brab Buyak* (Ang Araw at Buwan), nang makita ni Tērēsang si Buyak ay nagustuhan niya ito kaya kinausap niya ang mga magulang nito na gusto niyang mapangasawa si Buyak at handang magbigay ng *tamuk* o dowry; sabi pa niya sa magulang ni Buyak:

“Gagabō gwēnē iray tēy kluhanan mo, omo” mang Tērēsang. “Gētowa ko sēbaanēy sēbaanēy sēgoyong sēgēlow gum undaēnēn ungotomo pwera fēyo bo gwēnē. Tē kēangey gwene ēndē dē lawi go me nē fara ēmbagērsēudora kome bō gwene.

(Kayang ibigay ng aking ama ang lahat ng maiibigan mo, omo.” Sabi ni Tērēsang. “Pero alam kung ang isang ispiritong katulad ninyo ay wala ng hihilingin pa maliban sa mabuting pakikipagkapwa sa aking ama. Ang pagparito ko dito sa bahay ninyo ay daan upang lalong maging matibay ang samahan ninyo ng aking ama.) ...[sa manaliksik ang salin]

Ipinapakita sa pahayag na ito na handang magbigay ng *tamuk* o dowry ang ama ni Tērēsang kahit magkano at kahit ano. Kapag nagkasundo sa kung ano ang naibigang *tamuk* ng mga magulang ng babae ay itatakda na ang kasal. Hindi na makakatanggi ang babae at kung mangyari man, malaking kahihiyang ito sa buong pamilya.

Sa KB#3- *Kërëtarew* (Uod). Maraming gustong magbigay ng *tamuk* sa kapatid ni Kënogo-lagëy na si Kënogon ngunit tinatangihan ito ng dalaga. Ngunit nang pumunta si Kërëtarew na isang uod sa bahay nila para hingin ang kamay niya ay pumayag siya kaya nagalit si Kënogo-lagëy sabi niya:

“Mënkërit ti Kënogo-lagëy yeni bë ënggëlingoa nuwe ni non mlaw tëkow tëmningdëg atin mano , “sëgiyoy Kërëtarëw wanan. Ènda sëgilëw gom bënan! Mëndoo doo nën ni de fiyo lagëy ënga këfëduwan mënangëy ënde fara bawagën go, been ënda foy fiyon sëbaan de kën uyota mo. Mën ëtëy yën foy de tamuk gu ni fara saën tërëna ro beem. Atin bleewe, fëmalan no bëgën? Ati ke gëdot mëde bë kë bawag mo bë ka sëbaan sa Kërëtarëw?”

(Sa lahat ng nilalang alam mong hindi kayo magkatulad. Napakaraming mga gwapong anak ng mga këfëduwan ang pumunta dito para hingin ang kamay mo pero hindi ka nagpakasal sa kanila halos naubos ko na ang *tamuk* (dowry) ko para lang itaboy sila. At ngayon ako ay ipinahiya mo! Ano ang makukuha mo sa pagpapakasal sa isang uod?) ...[sa manaliksik ang salin]

Sa kuwentong ito, si Kënogo-lagëy ang tumatayong ama dahil patay na ang kanilang ama. Ipinapakita dito na ang pagbibigay ng *tamuk* o dowry ay pinaghahandaan tulad ni Kënogo-lagëy. May *tamuk* na sana siya kaya lang nagamit niya sa pagtatatayong sa mga nanliligaw sa kapatid. Ang mga Tëduray na may anak na lalaki ay naghahanda

na ng *tamuk* para sa kanyang anak tulad ng mga kalabaw, baka o kabayo at maari ring kagamitan o pera. Ang laki o halaga ng *tamuk* ay nasa magulang ng babae.

Isang kahihyan para sa isang *këfëduwan* ang makasal ang anak o kapatid sa isang hindi *këfëduwan*.

Sa KB#9* *I Këfëgany Ranao Weh* (Ang Alamat ng Ranao) ay kakaikiba ang pangyayari, dahil si Futli ay maganda kaya, napakaraming binata ang gustong maghandog ng *tamuk* sa kanya kaya lang tinatangihan niya at pinagtatawanan.

“Sëmnumbul I Kënogo-lagëye mano,”
 ënda I gë-iray gu be-em t a m u k .
 Èndob ge-iraya ku be-en I kagën neh
 lowoh brab umul. Atin iray gu be-em
 I kagen neh nih sundang inok tanda
 I këfëdoyog guweh be-em. “Benan sa-
 ën?” Mang Futli. “Ènda-ën, be-en sa-
 en inih”, mang Kënogo-lagëye.

(Pumarito ka upang hingin ang kamay ko?” tanong ni Futli. “Ano naman ang kayamanang maaring *i-tamuk* (dowry) ng isang unggoy na tulad mo sa akin?” “Wala akong maibigay sa iyo kundi ang buhay ko, ang sarili ko,” tugon ng nanliligaw na binata. “Bilang tanda ito ang aking kris.” “Wala ng iba?) ... [sa manaliksik ang salin]

Sa pahayag na ito, ang babae na ang nagtatanong ng *tamuk*, iniwan na kasi si Futli ng kanyang mga magulang dahil sa sobrang yabang at mapanghusga. Kinukutya at pinagsasarhan ang mga manliligaw kapag ayaw niya sa ibinibigay nilang *tamuk*. Kapag hindi kaya ng magulang ng lalaki ang *tamuk* pwede namang babaan ito depende sa napagkasunduan pero kapag hindi talaga pumayag ang mga magulang ng babae ay walang kasalang mangyayari. Ngunit kapag ang babae ay may *tamuk*, hindi na

siya makakatangi sa kasal dahil malaking kahihyan ito sa kanyang pamilya.

Pagtatago ng Dalaga

Ang dalagang Tëduray ay hindi maaring kausapin o ligawan ng binata. Itinatago ang mga dalaga upang hindi makita ng mga lalaki; kapag nakita sila ng mga lalaki ay mababawasan ang kanyang *tamuk*. Kapag makikita na ng mga binata ang mga babae maari ng pumili ang lalaki. Ang ama o mga magulang ng dalaga ang nililigawan ng binata kasama ng kanyang mga magulang. Sa KB#2* *Tërësang brab Buyak* (Ang Alamat ng Araw at Buwan), noong akmang kakausapin ng binatang si Tërësang ang dalagang si Buyak ay tumakbo ito.

Ènggitoy libuney Tërësange atin təkow tëmnindeg tidëw dëb wayëge atin mësëfëlëtu bëen ènggëkëfo-oy Tërësangey libune atin mënberëh mano: “Kago megilak begën. Më-uyotu sëbërëh be-en.” Sëmnumbul I libune mano.” Kago sëbërëh begën dëb de agëwon, angëy go dëb lawi geyo inok begom boh gu sëbërëh.

(Noong nakita ng dalaga si Tërësang, agad siyang umahon sa tubig at akmang tatakbo. Ngunit nahuli siya ni Tërësang. “Huwag kang matakot” sabi ni Tërësang. “Nais ko lang makipag-usap sa iyo.” “Huwag mo akong kausapin,” sabi ng dalaga. “Kung gusto mo magtungo ka sa bahay namin at kausapin mo ang ama ko.”) [sa manaliksik ang sa-lin]

Sa pahayag na ito ang dalagang si Buyak ay akmang tatakbo nang makita niya ang binatang si Tërësang dahil takot siya. Hindi dapat makita ng binata ang dalaga dahil itinatago sila ng kanilang mga magulang.

Hindi rin nakikipag-usap ang mga babae noon sa mga lalaki dahil mababawasan ang kanyang *tamuk* o dowry. Kaya noon hindi rin nakakapag-aral ang mga babae dahil nasa loob lang sila ng bahay at gumagawa ng gawaing bahay. Ito ang dahilan kung bakit napakamahiyain ng mga babaeng Tëduray dahil sa pagtatago sa kanila at hindi nakakasalamuha ang ibang tao, dito papasok ang konsepto ng hiya.

Poligamya

Ang poligamya ay pag-aasawa ng higit sa isa. Ang mga Tëduray na lalaki ay maaring mag-asawa ng higit sa isa tulad ng mga Maguindanaon, ayon kay Schlegel (1970). *Tëduray men consider multiple wives to be a sign of high status. There is no limit to the number of wives a man may have and thus the number of families to which he belongs-but he must care for all of them satisfactorily and equally.* Ang pagkakaroon ng maraming asawa ay nagsisimbolo ng mataas na katayuan sa buhay. Pinapayagan sa Tëduray ang pag-aasawa ng marami kung ang lalaki ay may kakayahang buhayin ang maraming asawa at mga anak. Kailangang pantay ang kanyang pagtingin sa lahat ng asawa kaya nakatira lang sila sa iisang bahay upang pantay ang pakikitungo at kung ano ang makain ng isa ay makakain din ng lahat. Maaring nagaya nila ito sa mga Muslim na Maguindanaon dahil magkalapit lang sila. Dagdag pa ni Schelegel, nag-aasawa ang mga lalaki ng higit sa isa dahil kung mamamatay sila ay may kasama ang kanyang asawa na maiiwan. Sa KB#8* *Bërimalanën Kënogolagüey* (Ang Mahiyaing Panauhin), makikita na si Bandara ay may higit sa isang asawa.

Mënëkahi sëba-an ni bë duway Bandara eh neh. Amun mëntohohën ni fëgëtëgën nen , Mang Bandara eh ni.Mënurahën bilëw de bawag

Bandara në tèn fëndiyo ron deb de fëdyoon dëni.

(Naglatag ng banig para kay Kënogo-lagëy ang isa sa apat na asawa ni Bandara. Nang matapos nang maghapunan ang pamilya ni Bandara, hinugasan na ng mga asawa ni Bandara ang mga plato at inilagay na sa lalagyan ng mga pinggan)...[sa manaliksik ang salin]

Si Bandara ay may apat na asawa na nakatira sa iisang bahay kasama niya. Dito makikitang nagkakasundo ang kanyang mga asawa at silang lahat ang nagtutulungan sa gawaing bahay. Ipinapakita lang dito na ang mga babaeng Tëduray ay pumapayag sa ganitong kalagayan dahil ito ay bahaging kanilang kultura, higit na mataas ang lalaki kaysa babae, siya ang naghahari sa kanyang tahanan, ang babae ay mahina dahil nagmula lamang siya sa katawan ng lalaki. Ayon kay Trecero (1972). “*Woman comes from man. Therefore, she is weaker and obedient to man. She is thankful to man because she knows that she came from him.* Ito ang dahilan kung bakit masunurin at mapagkumbaba ang babae sa lalaki dahil nagmula siya sa katawan ng lalaki dahil dito nahihiya silang magmalaki sa lalaki kaya sinusunod nila ang lahat ng kagustuhan ng mga lalaki. Dito na ngayon papasok ang nosyon ng hiya sa bëngkulën.

Pagtatakda ng Këfëduan

Këfëduan ang tawag nila sa kanilang pinuno o *timuay*; siya ang may pinakamataas na katungkulan at kaalaman lalo na sa batas ng kanilang pangkat dahil siya ang nag-aayos ng mga sigalot o anumang problema ng kanilang tribu. Siya rin ang nag-aayos ng usapan sa kasal lalo ng sa pagbibigay ng *tamuk* o dowry. Sa KB#3-

Kërëtarew (Uod), ng mamatay ang ama ni Kënogo-lagëy ay siya na ang pumalit sa katungkulan ng ama bilang *këfëduan* dahil siya ang panganay na anak na lalaki at may alam sa mga batas ng Tëduray; maging sa kanilang tahanan ay siya ang pinakamataas; kahit ang kanyang ina ay sumusunod sa mga patakaran niya.

Mënrugay yë froy ye gëtërsang kë agëw, mën gëguma soy Kërëtarew weni dëb toow we ni fo buka ingëd. Nodoran noy agëwan neni mangëy dëb do mëdoo lawi been fën irom saën ni kaan ne këlëfas non kë gitoy de manok I been neni. Mën gëguma so dafo dëb lawi Kënogo-lagëy yeni dëb kërara I do mëdoo no lawi. I Kënogo-lagëy yeni I këfëduwan ne ëb ingëd.

(Pagkatapaos ng mga ilang araw na paglalakbay, narating ni Kërëtarew ang isang malawak lugar. Tinalunton niya ang daan patungo sa mga kabahayan ngunit nag-iingat siya sa mga manok baka makita siya. Nakarating siya sa bahay ni Kënogo-lagëy na nasa gitna. Si Kënogo-lagëy (binata) ang *këfëduan* (pinuno ng pangkat) ng lugar iyon)...[sa manaliksik ang salin]

Kahit binata pa si Kënogo-lagëy ay isa ng *këfëduan* dahil minana niya ito sa namatay niyang ama. May kakayahan din siyang mamuno kaya siya ang nilalapitan ng mga tao, sa pahayag na ito kahit uod ay lumalapit sa kanya. Iginagalang ng mga tao ang kanilang *këfëduan*, binata man ito o matanda at sa panahon na may suliranin sila, sa kanya sila lumalapit. Kaya ayaw ni Kënogo-lagëy na makapag-asaw lang ang kapatid niya ng isang uod o mababang uri dahil nahihiya siya sapangkat isa siyang *këfëduan*.

Katungkulan ng *Bēlian*

Malaki ang tungkulin ng *bēlian* sa lipunan ng mga Tēduray, ayon kay Roquero (1972). Ang *bēlian* ay isang manggagamot o albularyo, kung may magkakasakit sa kanila ay sa kanya sila nagpapatingin. Nagsasagawa rin siya ng mga ritwal para gumaling ang may sakit. Nagsisilbi rin siyang pari o ispiritwal na lider sa kanilang komunidad dahil siya lang ang may kakayahang makipag-usap sa mga ispiritu. Tinawag ni Schlegel (1999) ang *bēlian* na shaman dahil nagpapagaling sila ng may sakit sa pamamagitan lang ng mga halamang gamot. Nagsasagawa rin siya ng *kanduli* o banal na pagkain, isa itong ritwal ng pasasalamat sa mga ispiritu sa pagbigay ng masaganang biyaya.

Inilahad sa KB#6* *Timako brab Bungēd* (Ang Timako at Bungēd) ang ginagawang pagpapahayag ng salita ng Diyos ni Sēbotēn, isang *bēlian* ngunit walang naniniwala:

Wēn ni sēba-an ne belian fēndawēt Sēbotēn. I Sēbotēn ne, to-ow foh mēnkinan bē ēnda feninugutoy de tēw de bē wēn I barakatēn demiyat. Be-tēn noy de tēw demiyat endob ēnda munurē deh.

(Noong unang panahon may isang *bēlian* albularyo) na nagngangalang Sēbotēn. Mahirap lamang siya kaya ang mga tao ay nagdududa sa kanyang kakayahan sa *diyat* (paraan kung paano makapunta sa langit). May gusto kayang mag-*diyat* kasama siya? Nagpapapatuloy ang mga tao sa kanilang mga karaniwang ginagawa. Hindi sila nakikinig sa kanya)...[sa manaliksik ang salin]

Ipinapakita sa pahayag na isang *bēlian* si Sēbotēn na nagpapahayag sa tao ng *diyat* o pagpunta ng kaluluwa sa langit ngunit

walang naniniwala sa kanya dahil mahirap lang siya. Minsan ang tao ay nakatingin lang sa panlabas na anyo ng tao hindi sa panloob.

Ang *bēlian* din ang nagsasagawa ng *diyat*, ang paglalakbay ng kaluluwa sa langit. Ang kaluluwa ng tao ay maaring maglakbay sa langit o *diyat*, isa itong banal na gawain. Sa KB#3- *Kērētarew* (Uod):

Tēm̄nibus I do mēdoō gai, mēngētaw wi bawag Kēnogon ne ne. Walēw gētērēsang dēm̄niyat ti bawag Kēnogon neni mangelaway. Nongot-nongot roy firoy yeni gētērēsang taman mēngguma hi kēgēwalēw nuwe ni. Odor mēn gēguma hi fang walēw nuweni gētērēsang, buka mēnifis sēbuwan ni tēkow weni mēnangey dēb bero wono. Mēnda ro kluhanan atin dēm̄niyat ro.

(Isang araw, sinabi ni Kēnogo-lagēy sa asawang si Kēnogon na mag *diyat* (maglalakbay sa langit) ng walong araw. Kaya hinintay nila sa tamang araw. Noong dumating ang takdang araw, mula sa silangan lumabas ang kapisasong lupa at pumunta sa kanila. Kaya lahat sila ay sumakay at nag *diyat*. [sa manaliksik ang salin])

Nagkasundo ang mag-asawa na mag*diyat* o pupunta sa langit, isang gawaing ispirituwal upang lumago ang pananampalataya sa Diyos. Ang pagsisilbi sa Diyos ay gawain ng buong pamilya.

Sa KB#6* *Timako brab Bungēd* (Ang Timako at Bunēg). Si Sēbotēn ay isang *bēlian* na gustong mga *diyat* kasama ang mga tao ngunit hindi naniniwala ang mga tao sa kanya dahil mahirap lamang siya.

Wēn ni sēba-an ne belian fēndawēt Sēbotēn. I Sēbotēn ne, to-ow foh mēnkinan bē ēnda feninugutoy de

*tëw de bë wën I barakatën demiyat.
Be-tën noy de tëw demiyat endob
ënda munurë deh.*

(Noong unang panahon may isang *bëlian* (albularyo) na nagngangalang Sëbotën. Mahirap lamang siya kaya ang mga tao ay nagdududa sa kanyang kakayahan sa diyat (paraan kung paano makapunta sa langit). May gusto kayang mag-*diyat* kasama siya? Nagpapapatuloy ang mga tao sa kanilang mga karaniwang ginagawa. Hindi sila nakikinig sa kanya)...[sa manaliksik ang salin]

Ang *diyat* ay pagpunta sa langit. Sa ngayon, pinapaniwalaan pa rin ng mga Tëduray ito. Hindi ang buong pagkatao ngunit kaluluwa lamang. Kapag mabait at hindi gumagawa ng masama ang tao kapag namatay siya ay makapupunta ang kanyang kaluluwa sa langit, ito ang *diyat*. Ngunit kung ikinakahiya mo ang iyong pananampalataya kay *Tulus* tiyak hindi ka makakapag-*diyat*.

Sa KB#9* I *Këfëgany Ranao Weh* (Ang Alamat ng Ranao) ay makikita naman ang *murka-ën* o sumpa sa mga Tëduray. Napatay ni Fulti ang isa sa kanyang manliligaw dahil sa hindi nito nagustuhan ang kanyang inaalok na *tamuk* kaya *murka-ën* o simumpa siya.

Mënbërëh I Futli-eh mano “Mën-murka-ën nuh, ëndob ënda gëtuwah kuh deh. Fësaga moh begën. Rigo moh begën rifën kë uwitë moh begën.”

(Ako ay *murka-ën* (sumpain)! Ngunit hindi ko sinsadya. Mapapatawad mo ba ako. Gawin mo na lang akong alipin, n g u n i t iuuwi mo na lang ako)...[sa manaliksik ang salin]

Malaking kasalanan ang *murka-ën* ang nakagawa ng ganitong kasalanan ay nakakatakot dahil maaring kamatayan ang parusa nito tulad na lang si Futli. Nilamon siya ng malakas na tubig dahil *nabëngkulën* siya sa kawalan ng galang sa damdamin ng ibang tao.

Kamalayang Tëduray: Ang Kolektibong Karanasan ng Tribu na Pinagbinhi ng mga Pangitaing Nag-uugat mula sa Nakaraan

Makikita sa ikalawang kategorya ang produkto ng kolektibong kamalayang Tëduray na pinagbinhi ng mga pangit- aing nag-uugat mula sa isang malayong nakaraan. Matutunghayan sa bahaging ito kung paano nagsimula ang lahing ito at kung sino ang ninuno nila at kung saan sila nagmula. Nakapaloob ang mga kwento; KB#4- *Gëeta Kënogo-laguëy brab Kenogën* (Ang Unang Lalaki at Babae), KB#5* *Fusak Urët bë Katufuay Tëduray yë Ètëw* (Ang Pinagmulan ng mga Taong Tëduray) at KB#6* *Timako brab Bungëd* (Ang Timako at Bungëd). Dito matutunghayan ang mga kwentong kababalaghan na ginamit ng mga matatanda sa pagkukwento sa mga bata sa pinagmulan ng kanilang lahi.

Pinagmulan ng Mundo at Tao

Ayon sa KB#4- *Gëeta Kënogo-laguëy brab Kenogën* (Unang Lalaki at Babae), isinalaysay ang pinagmulan ng mundo at tao. Nilikha ito ni *Mënadën* o *Tulus* (Pinakamataas na Diyos). Una niyang likha ang mundo bago ang tao.

Sëebaan tërësang, mën mundut koy klo sëbuwan ni Minadën ne tin rënigo no dunya. I dunya e ni rënigo noy maak nigo bë se këklo hën. Tënëna ëen dëb kërara fuwe ho.

Odor gilid, sēgule man mēn mundot klo sēbuwan tin rēnigo no ēni Eēw tin niraya no fērēnawa. Loob so kligooy I kēdakēl li ētēw we ni rēnigo no. Ēnda mēnrugayen tekow mēndakēl dunya e ni rēnigo no losob ētēw wede.

(Isang araw, dumampot ng kapirasong lupa si Minadēn at ginawa itong mundo. Ang mundong ginawa niya ay kasing laki ng bilao. Inilagay niya ito sa gitna. Dumampot uli ng kapirasong lupa, ginawang tao at binigyan niya ng buhay. Ang unang tao ay kasing laki lang ng pinakamaliit ng daliri at hindi matangkad. Hindi nagtagal lumaki ang mundo ganoon din ang tao hanggang sa katulad na sa ngayon. Hindi naglaon, naawa si Minadēn sa unang tao. Isang araw muling ibinalik niya ang tao sa lupa. Sa kaliwang bahagi ng taong lupa, kumuha si Minadēn ng maliit na bahagi ng lupa at ginawang babae)... [sa manaliksik ang salin]

Unang nilika ni *Tulus/Mēnadēn* ang lalaki bago ang babae, ito ang pinagbabasihan ng paniniwala ng Tēduray at sinasabing mahina lang ang babae dahil nagmula lamang siya sa katawan ng lalaki, *Woman comes from man. Therefore, she is weaker and obedient to man. She is thankful to man because she knows that she came from him* (Trecero, 1972). Ito ang dahilan kung bakit masunurin ang babae sa lalaki at mapagkumbaba dahil nagmula siya sa katawan ng lalaki. Nahihya siyang suwayin ito. Sa kultura ng Tēduray, lalaki ang may kapangyarihan kahit sa pamumuno; sa lalaki pa rin itinatalaga ang pagiging Kēfēduan o pinuno ng pangkat. Maging sa tahanan ang ama ang makapangyarihan.

Kasaysayan ng Lahing Tēduray

Ayon kay Mandi (2016), ang kasaysayan ng lahing Tēduray ay nagmula kay Mamalu, ang kinikilala nilang ninuno. Nasa KB#5* *Fusak Urēt bē Katufuay Tēduray yē Ētēw* (Ang Kasaysaya ng Tēduray). Hindi ipinagpalit ni Mamalu ang pananampalataya niya kay *Minaden/Tulos* kahit ang kapatid niyang si Tabunaway ay naging Islam na.

I Mamaluēy bēen nē ēnda mēnfētulien sabēf bē mika tēfēwalēy rēnawēen. Bēen mēlaw wē kēule nē dēb do tudok. Dēbtuntayay kēdooroy ētēw wē dē afēggēn bē dē sēonomon brab do baglalan do ēnggētah lukēs sungu nantēko Mamaluē ingēd nulēonTidēw mēlaw beno do gai kefetuli ro Tabunaway ye I kegesesuway ruwe Mamaluē samfay so belēew we gai. Bēniy fusakaē uret be katufuay Tēduray ye ētēw.

(Si Mamalu bilang panganay sa apat na magkakapatid ay tumangging sumampalataya sa Islam at nananatili sa kanyang pananampalataya. Pagkatapos na masabi ni Mamalu na hindi siya sasampalataya sa Islam, nagpasya siyang umalis at nagtungo sa kabundukan kasama ang kanyang mga tauhan at doon nanirahan habam buhay. Sa bundok nga nagsimula ang angkan ni Mamalu; ang angkan ng mga Tēduray at si Tabunaway ay sa kapatagan naman nanirahan na nagpatuloy sa kanyang pananampalatayang Islam at ang kanyang pangkat na tinawag na renawēn o Maguindanaon.) ... [sa manaliksik ang salin]

Sa talatang ito malalaman ang pinagmulan ng mga Tëduray. Si Mamalu ang ninuno ng mga Tëduray; nanatili siya sa kanyang pananampalataya kay Tulus. Ang kapatid naman niyang si Tabunaway ay naging isang Islam at naging ninuno ng mga Maguindanaon ngunit magkaiba man ang kanilang pananampalataya ay malapit pa rin sila sa isa't isa. Iginalang nila ang pasya ng bawat isa lalo na ang kanilang sariling pananampalataya. Sa kapatagan nanirahan si Tabunaway kasama ang kanyang pangkat at sa kabundukan naman si Mamalu kasama rin ang kanyang pangkat. Mahalagang malaman ang pinagmulan ng Tëduray upang malaman ang pinagmulan ng pamahiing *bëngkulën*.

Unang Nanirahan si Mamalu

Sa KB#6* *Timako brab Bungëd* (Ang Timako at Bungëd) makikita kung saan unang nanirahan si Mamalu.

Enda mërayu-ën tidew dëb bâ I Fulangi we, wën I sëba-an ne tuduk ma-ak awang mënbëluwë. Ini tuduk fëndawët Timako. Dëb ni tuduk, wën nih doh fute de doh ubal. Fingë difar bëni tuduk giton I Bungëd de ma-ak fura dëb kerara-I dogote. I de nih ruwoh tuduk, bërhëy mëdo-owe doh fënwalëy roh.

(Mula sa bunganga ng Fulangi (Rio Grande de Mindanao) ay ang nag-iisang bundok na katulad ng bangkang nakataob. Ang bundok na ito ay tinawag na *Timako*. Sa bundok na ito ay may mga maiilap na puting unggoy. Sa kabilang ibayo ng dagat mula sa *Timako* ay may isang isla na tinawag nilang *Bungëd* na katulad

ng isang sagwan mula sa hangin. Sinasabi nilang mahiwagaang bundok *Bungëd*.) ...[sa manaliksik ang salin]

Inilalarawan ng pahayag ang Fulangi sa ngayon Rio Grande de Mindanao na kung saan unang nanirahan si Mamalu at ang kanyang pangkat. Pinatunayan ito ni Schlegel (1999).

The Tëduray live in rainforest-covered mountains south of Pulangi, a major river that empties into the Moro Gulf at Cotabato City and from there into the South China Sea. The Maguindanaon, who are Muslim, occupy the lowland to the north and west of the mountains.

Sa Ilog Fulangi unang nanirahan ang mga Tëduray. Mapapansin na Pulangi ang ginamit ni Schelegel na baybay, sa KB#6* *Timako brab Bungëd* (Ang Timako at Bungëd). Ang ginamit na baybay na Fulangi, ay baybay mula sa mga *Tëduray*. Sa wikang *Tëduray* ay walang letrang *P*, letrang *F* lamang kaya sa kanila ito ay Fulangi. Kay Schegel naman ay Pulangi dahil isa siyang dayuhang Amerikano, sa wika nila ay may letrang *P* at letrang *F*. Ginamit niya ang Pulangi dahil ayon sa kanyang bigkas ito ay tunog *P* ngunit iisa lamang ang tinutukoy dito ang unang lugar kung saan nanirahan si Mamalu, ang ninuno ng mga *Tëduray*. Ipinapakita dito na ang Maguindanaon at *Tëduray* ay may kaugnayan dahil iisa lang ang pinagmulan nila. Dito ipinakita ng mga *Tëduray* na marunong silang magparaya o makisama dahil nagpaubaya sila sa Maguindanaon na sila ang tumira sa kapatagan at nagtungo sila sa kabundukan, dito ipinapakita ang konsepto ng hiya dahil sa pakikisama.

Konstruktibong Panloob: Mga Gunitang Anestral mula sa Pag-alok, Pagtangi, Pagpigil at Pagkatakam Hanggang sa Paglaban

Malalim ang konsepto ng *bëngkulën* ang konstuktibong panloob na pagtingin, isang kulminasyon ng gunitang anestral mula sa pag-alok, pagtangi, pagpigil at pagkatakam hanggang sa paglaban. Ang pagkatakam o pagnanasa ng pagkain, pagtangi sa pagkain dahil sa hiya at ang pagsasawalang bahala sa pagkain ang dahilan ng *bëngkulën*. Ang pagkain ay grasya na nagmula sa kalikasan na ipinagkaloob ni *Tulus* upang may makain ang mga tao. Ang mga kalikasan na ito ay binabantayan ng mga ispiritu (Schlegel, 1999). Kaya ang pagtangi at pagsasawalang bahala sa mga pagkain ay isang kasalanan sa mga *Tëduray* dahil hindi mo ito pinahalagahan at tiyak na magagalit ang mga ispiritu na nangangalaga sa mga pagkain na maaaring ikapahamak ng tao. Sa ikatlo at huling konsepto ng *bëngkulën* ay konstuktibong panloob na pagtingin, isang kulminasyon ng gunitang anestral mula sa pag-alok, pagtangi, pagpigil at pagkatakam hanggang sa paglaban na nakita ito ng mananaliksik sa mga KB#7* *I Këfu-u Fu-u Farëy* (Ang Alamat ng Palay), KB#8* *Bëriminalanën Kënogo-lagey* (Ang Mahiyaing Panauhin), KB#9* *I Këfëgany Ranao Weh* (Ang Alamat ng Ranao) at KB#10* *Ubal brab Klibangbang* (Si Unggoy at Paruparo).

Pag-asam o Pagkagusto

Isa sa dahilan kung bakit *nabëbëngkulën* ang isang tao ay dahil sa pag-asam o pagkagusto ng pagkain o inumin na hindi natupad. May naisip kang pagkain at gusto mo sanang kainin; ito ay *bëngkulën* sa mga *Tëduray*. Ipinakita sa KB#7* *I Këfu-u Fu-u Farëy* (Ang Alamat ng Palay) ang pag-asam ng may sakit na batang si Matalëgu. Hiniling

niya sa mga magulang ang lugaw dahil nagsasawa na siya sa gulay, prutas, karne at isda dahil ito ang laging ipinapakain ng mga magulang sa kanya.

Sëmnumbul I Matalëgu-e mano, “Ënda mëgëdaw gom begën. Ënda muyotu mâmâ be de onok kayëw, unge baboy, brab do sedo. Ënda gëtuwa kom ati fë-ama gome be dëmru-une.” Mang Kenogon, klob-no bërëhëm begey ati ketaya muwe ama-ën. Mënbërëh I Matalëgu-e mano, “Moyotu mâmâ brewor Iday. Bë do no ga-I, ënda gëtuway tëweh I atag gi bëriwore. Amun ënggelingo-o Kënogo-lagey këbërëh Matalëgu-e, mënagëw inok sëmëlëd briwor. Fuweh bra klungonon fëng-gë sëlëd Kënogo-lageye bë briwor, taman ëng-gegumah dëb de talun tibno ënggëfidong dëb fantadi dakële kayëw.

(Hindi kayo naawa sa akin, sagot ni Matalëgu sa wakas. Ang ibinibigay lang ninyo sa akin ay prutas, karne at isda. Parang hindi ninyo alam kung ano ang pagkain ng maysakit. At bigla siyang napasigaw sa sama ng loob na parang nadudurog ang kanyang maliit na puso. Kung ganon, sabihin mo kung ano ang gusto mo. Ang alam lang namin ng abay (ama) na pagkain ay saging, papaya at kamote. Gusto ko ng briwor (lugaw), Iday (Inay). *Briwor*, sigaw ni Matalëgu. Sa panahon iyon, hindi pa nalalaman ng mga tao kung ano ang *briwor*. Sa katunayan, marami pa silang hindi alam. Ngunit noong marinig ni Kënogo-lagëy kung ano ang gustong kain ni Matalëgu, lumabas siya at naghanap ng *briwor*) ... [sa manaliksik ang salin]

Nagpapakita ng pag-asam ng lugaw ang pahayag na ito. Gustong-gusto ni Mataligu ng lugaw ngunit hindi alam ng mga magulang kung saan kukuha ng lugaw. Noong nakahanap na ang mga magulang niya ay naghisingalo na siya.

“Begeni nih, Tulusëm. To-ow fo menuray I-ina guweni be-em. Amuk mënongot gësa dëb bnbuegëne. Kë-ama ënda-ën damën mënrasay go magë mërayu. I-nga më Matalëgu, gëdëtën mëlëhu.

(“Ako ito, ang iyong Tulus (Diyos),” sabi ng boses. “Nakakaawa ka Kënogo-lagëy. Humingi ka sana ng briwor sa akin, hindi kana sana lumakad ng napakalayo tulad nito. Ngayon, malapit ng mamatay si Matalëgu.”)..[sa manaliksik ang salin]

Pinatunayan ng pahayag na ito na ang pag-asam ng pagkain ay dahil na ng *bëngkulën*. Upang maiwasan ang *mabëbëngkulën* kapag makaisip ng pagkain o kaya nag-asam ka ng pagkain kailangan mo lamang tapikin ang puwit mo gamit ang isa mong kamay at pagkatapos itatapik mo naman ito sa iyong bibig na para bang subo ka ng pagkain at sasabihing “*Mënam o nën*” o “nakakain na ako” ito ang sumpa para hindi ka *mabëngkulën*.

Hiya

Ang hiya ayon kay Oderberg (1999) ay pagpipigil ng gusto para hindi mapahiya. Ito ang dahilan kung bakit ang tao ay nahihiya dahil ayaw niyang mapahiya sa ibang tao. Kapag inaanyayahan o inaalok ng pagkain ay tumatanggi dahil nahihiya baka kung ano ang masabi ng nag-alok pero ang hindi natin iniisip na kapag tumanggi tayo sa inalok sa atin ano kaya ang mararamdaman ng nag-alok ng pagkain?

Sa KB#8* *Bërimalanën Kënogo-laguey* (Ang Mahiyaing Panauhin) inilalahad ang ang pagiging mahiyain ni Kënogo-lagëy, kahit gutom na gutom ay tumatanggi siya sa pagkain, narito ang pahayag:

“Kagom mëkërit, momo eh” dawâ eh Kënogo-laguey ye, be-en bësuru sëna. Be-en eh to-ow we fo lëmuyut ti ibëg neh në ënda sëna ga amaën tidew gëfuën. “Ënda ika ah kudë këmëlayafu momo. Bësuru sënafo, Eno nay këgi-lid gu mama bëh lotô guwono gino”, këbërehi Kënogo-laguey ye. “Nah amâ go mën mô,” mang Kënogo-laguey. Ënda sëna mëlayafu. Beeni kaaë ësur këmëlodogën. Inok më itongi layaf nën, ëndofëni fëgnan brab rëmnigo kambamaën miyurnë sëmfä bë kambama eh, ënggitoy moto nuwëy tënabël ruwe gënata babuy, mëng gë sënulë në sedëd ënda na mënunurën bë kë ëbëti gëfë eh lawi.

(“Adu, nakahanda na ang pagkain, halika na.”“Huwag po kayong magagalit, omo” (Tiyo), “sagot ni Kënogo-lagëy. “Pero busog pa po ako.” Pero ang totoo tumutulo na ang laway niya. Hindi pa siya kumakain mula pa kaninang umaga. “Hindi po ako tatanggi kung gutom ako, omo. Busog lang talaga ako. Kakakain ko lang ng baon ko bago ako dumating dito,” wika ni Kënogo-lagëy. Pero ang kanyang tiyan ay kumukulo na. Upang itago ang kanyang gutom, kinuha niya ang tëguan (lalagyan ng bunga at layos) at gumawa ng kambama-ën (bunga at layos). Habang ngumunguya siya ng kambama-ën, nakita niya sa sulok ng kanyang mata ang ulam nila na karne ng baboy na niluto sa gata.

Laking sisi niya kung bakit hindi niya pinaunlakan ang anyaya ng may-ari ng bahay.)..[sa manaliksik ang salin]

Dahil sa hiya nagsinungaling si Kënogo-lagëy sinabi niyang busog siya pero ang totoo kumakalam ang sikmura niya. Para kay Dalin (2015), ang hiya ay katulad ng dahon ng makahiya na nagsasara kapag kinakalabit. Ang hiya ng isang nilalang ay sanhi ng mga pinapahalagahan ng isang tao o reaksyon sa kanyang sarili o paligid. Dahil sa hiya ni *Kënogo-lagëy* tinanggihan niya ang pagkain kahit gusto niyang kumain kaya lang noong tulog na ang may-ari ng bahay kinuha niya ang pagkain at kinain.

Fën ëlusën neni mënagafas mëraan mâmâ. Mënggësambitanoy dakëlënë bukal babuy. Dana eh këfagafasi Kënogo-lagüey në mâmâ lënënuën tëkowi karne hënë uwëni bukalën funano mënbëkëran. Amun uwëni mën gëtëkënal mënkës mano “Hai, uwëni eëw,” amun mëngëgëkaki Kënogo-lagüey ne fënëgësë lënuenu eh karne ni uwëni bukalën. Mën gëstongën dëb lënuan nuweni maak duray dëdo. Modor gëfuën mën gito rë Bandara eh ni taman dëb dë bawagën brab do ëngaën ni Kënogo-lagüey në mënlühën. Mënggës tangën soy karne heni bëb linuan nuweh. “Buunëgenë Kënogo-lagüey. Sëdëk namën ni karne ënda gaganën nëdë linuën, mang Bandara eh.

(Naglakad siya gamit ang kamay at tuhod, tinungo ang nakasabit na biton (sisidlan) na kung saan nakatago ang mga pagkain. Ibinaba niya ito at nagsimulang kumain ng napakabilis. Mabilis niyang nadampot ang malaking hiwa ng karne na may buto. Sa pagmamadali

ni Kënogo-lagëy nilunok niya ang karne na may buto. Ngunit napakalaki ng hiwa na hindi na magkasya sa kanyang lalamunan. Sinubukan niyang dukutin ang karne ngunit ang butog karne ay bumalabag sa kanyang lalamunan na parang kawil ng isda. Kinabukasan natagpuan na lamang nina Bandara, mga asawa niya at mga anak na patay na si Kënogo-lagëy. Ang karne ay nasa lalamunan pa rin niya)...[sa manaliksik ang salin]

Namatay si Kënogo-lagëy dahil sa hiya; nagsinungaling siyang busog pero gutom naman pala siya kaya ninakaw niya ang pagkain. Ito ang nagpatunay ng *bëngkulën*. Ito ang patunay na kapag tinanggihan mo ang pagkain ay may masamang mangyari sa iyo.

Pagtanggi

Ang pagtanggi sa pagkain ay isa pang dahilan ng *bëngkulën*. Ang pagtanggi sa inaalok ay nakakasakit ng damdamin lalo na sa taong nag-alok. Sa KB# 8* *I Këfëgany Ranao Weh* (Ang Alamat ng Ranao) at KB#10* *Ubal brab Klibangbang* (Si Unggoy at Paruparo) ay parihong pagtanggi ang nakikita ng mananaliksik; pagtanggi dahil sa kayabangan at hindi pagtupad sa napagkasunduan.

Sa KB# 9* *I Këfëgany Ranao Weh* (Ang Alamat ng Ranao) matutunghayan ang ipinamalas na pag-uugali ni Futli, isang napakagandang dalaga ngunit napakayabang at mapanghusga. Lahat ng mg lalaking naghahandog ng *tamuk* sa kanya ay tinatanggihan niya, nilalait at pinagtatawanan. Isang araw dahil sa hindi niya matanggap ang inaalok na *tamuk* o dowry ng isang manliligaw ay tinaga niya ito sa leeg ngunit isa palang ispiritu ito na may kapangyarihan kaya sinumpa siya.

“Aw mēnangēy goh dinih inok bawagē moh begēn? Atih ge-iray I seba-an neh ubal lo-ob bē be-emeh tamuk begen?” Atin mēn-kērit I Futli-e. Tidew bēnoh tēnēkowēn ēndot deb Kēnogo-lagēye I sundange atin kēn-lēngēn I ulēw Kēnogo-lagēye. Tibnoh mēnbērēh I Futli-e mano, “aynan! Bē-ēmey tamfaday lagēye muyot bēgēn.” Atin mesumba-sumba gebayat tih Futli-e tibnoh sēnita-ēn I lowoh Kēnogo-lagēy taman mēnkēriring. Atin nibēr Futli-ey sundange. Atin mēntunag I fantadeh tēnindēgoy lawi Futli-e. Tidew bēnoh, sēkēloh-kēloh mē-ēlēd I lawi-ēh brab Futli-eh ma-ak fatilēng mangēy fantad. Ēnda I kēnwaleyoy kēfiyo libu Futli-eh. Amun tēmēnrēn I ranâ-eh, anisay ēng-gitoneh I Ranao weh dēb tēnindēgoy lawi I to-ow weh fiyoh libun be-en to-ow weh foh tetē adat ngâ libun Tēduray sanih fēndawet teh Futli.

(“Pumarito ka upang hingin ang kamay ko?” tanong ni Futli. “Ano naman ang kayamanang maaring tamuk (dowry) ng isang unggoy na tulad mo sa akin?” Sa sobrang galit ni Futli, hinablot niya ang ibinibigay sa kanyang kris at sa isang hampas niya ng kris lumipad ang ulo ng binata. “Ikaw na ang kahulihang manliligaw ko.” tumawa siya at itinulak ng kanyang paa ang bangkay sa lupa at gumulong ito tulad ng ulo niya. Pagkatapos ay itinaon niya ang kris, biglang may kakaibang nangyari. Biglang gumuhit ang kidlat sa madilim na kalawakan at kumulog nang napakalakas na parang pinupunit ang daigdig. Mula sa kalangitan ay bumuhos ang napakalakas na ulan.

Ang patak nito ay parang binabayo sa bahay ni Futli! Sa pagdaan ng oras, ang tubig ay lumaki at tumaas hanggang sa gumawa ito ng puyo ng tubig, na nagdala ng bahay ng mayabang na si Futli)...[sa manaliksik ang salin]

Ang pagtangga, panlalait at pagiging mayabang ni Futli ang nagpahamak sa kanya, na bēngkulēn siya. Nilamon ng puyo ng tubig ang bahay niya niya at kasama siya. Sa KB#10* *Ubal brab Klibangbang* (Si Unggoy at Paruparo), si Ubal ay gustong lumipat sa kabilang pangpang ng sapa para maghanap ng pagkain dahil sa kinaroroonan niya ay wala ng makain kaya lang hindi siya makatawid sa ilog. Humingi siya ng tulong kay Klibangbang kaya lang napagkasunduan nilang bayaran niya si Klibangbang ng hiyas na kusot pero noong nasa kabilang pangpang na sila tumangga nang magbayad si Ubal.

Atin bang Klibangbang, “ēnggonēn Madi, dâ gon dēb sēgang guwe nih.” Rēmñēfar I Klibangbang nge beroy Ubal le. Amun ēnggēifar ron, fēn nginsa Klibangbang ngey iray Ubal le de. Atin mang ngi Ubal le, “ēnggon Madi, fēgēdēt go dinih iray guy kusu-kusu eh be-em.” Mēnfēgēdēt I Klibangbang nge. Tidew bēno, kēnfo Ubal ley Klibangbang atin bēnlibid dēn I de fafak Klibangbang. Atin mēmbērēh I Ubal le mano, “bēnan I kusu-kusu-e Madi.” Tibno mēn-ansayaw wih Ubal le dēb de kayēw brab sēmnlēd kē-ama-ēn. Mēnberēh I Klibangbang nge mano, “Madi, wēn so mosoy ga-I noh gēsuli-u bē kēngo muweh nih begēn.” Ēnda merigoy nan Madi,” bang Ubal. Atin, mamâ-I Ubal le be de kērētarēw gito noh. Mēnberēh man I Ubal le mano, “sigi madi, suli go taman gaganē

mo.” *Sēmnumbul I Klibangbang nge mano*, “*wën soy ga-I noh madi.*”

(“Sige,” sabi ni Klibangbang. “Sumakay ka na sa likod ko.” “Ngayon madi,” sabi ni Klibangbang habang dahan-dahan niyang inilalapas si Ubal sa lupa pagdating nila sa kabilang pangpang. “Nasaan na ang bayad ko?” “Aw...ang hiyas? Sabi ni Ubal. O, ibibigay ko sa iyo ang gusto mo. Lumapit ka sa akin, madi.” Habang papalapit ay hindi mapalagay na si Klibangbang sa tusong unggoy, bigla siyang sinunggaban ni Ubal, pinihit at ginusot ang mga pakapak ni Klibangbang. “Iyan madi ang kusot!” sabi ni Ubal at lumundag siya sa pinakamalapit na puno at tuwang-tuwa sa pagkain. “Madi!” sigaw ni Klibangbang kay Ubal. “Bago ka umalis, pakinggan mo ang sasabihin ko: Pagsisisihan mo ang ginawa mo sa akin. Pagbabayaran mo ito, iyan ang pangako ko!”)..[sa manaliksik ang salin]

Tumangging magbayad si Ubal kay Klibangbang kaya nagkaroon ng laban ang mga unggoy at paruparo. Sa kasamaang palad patay lahat ang mga kamag-anak ni Ubal dahil tinalo sila ng mga paruparo. Umiyak na lamang si Ubal dahil nag-iisa na lamang siya at ito ay dahil sa pagtanggap niya sa napagkasunduan nila ni Klibangbang.

Sa mga Tëduray ang tao, kalikasan at pagkain ay magkakaugnay sa isa’t isa at may ispiritu. Kapag tinanggihan ang pagkain o inumin lalo na ang kape ay maaaring magalit o magtampo ito at magsusumbong sa ibang ispiritu na dahilan ng disgrasya na maaring dahilan ng sakit o kamayatan; ito ang *bëngkulën*. Kung inalok ka ng pagkain hindi mo ito dapat tanggihan; kung busog ka man ay dumampot ka lang ng kahit

maliit na pagkain at kainin ito. Kung ayaw mo sa pagkain o nagmamadali ka, hawakan mo lang ang pagkain o iyong lalagyan ng pagkain at pagkatapos ilagay ang kamay sa bibig at sambitin lang ang “nakakain na ako” (gëama unën) para maiwasan na *mabëngkulën*.

Kahit nasa bagong panahon na tayo ngayon na kung saan marami ng makabagong teknolohiya ay maari pa rin tayong *mabëngkulën*. Kapag inalok ka ng paboritong pagkain ngunit tinanggihan mo ito dahil sa hiya, hindi ito mawawala sa isipan mo. Kaya kung may ginagawa ka ay hindi ka makapag-isip ng mabuti dahil ang iniisip mo ay ang tinanggihan mong masarap na pagkain. Wala sa trabaho ang isip mo at maaaring magkamali ka sa ginagawa mo at madisdrasya ka. Ganoon din ang mangyayari kapag nag-asam ka ng pagkain. Ibig sabihin *ma-bëbëngkulën* ka.

Ang mga *fëgulukësën* ay natatanging kwento na nagtataglay ng mga makabuluhang impormasyon na sumasalamin sa paniniwala maging sa pamahiin ng isang pangkat. Sampung (10) *fëgulukësën* ng mga Tëduray ang nakolekta at isinalin sa Filipino at sinuri upang makita ang konsepto ng nosyon ng *bëngkulën*. Sa ginawang pagsusuri sa mga *fëgulukësën* ng mga Tëduray, napag-alaman ng mananaliksik na ang ginagamit na pangala ng mga tauhan ay *Kënogo-laguey* lamang kapag ang tinutukoy ay lalaki, binata man o may asawa at *Kënogon* naman kapag babae ang tauhan, dalaga man o may-asawa.

Matapos ang masusing pag-aanalisa sa mga nakalap na *fëgulukësën* ng mga Tëduray ay lumabas sa pagsusuri na may tatlong nosyon ang *bëngkulën*. Ito ay (1) bilang mahigpit na pagsunod sa tradisyon at kaugalian ng mga Tëduray; (2) produkto ng kolektibong kamalayang Tëduray na pinagbinhi ng mga pangitaing nagsimula sa isang malayong nakaraan; (3)

konstuktibong panloob na pagtingin, isang kulminasyo ng gunitang anestral mula sa pag-alok, pagtanggap, pagpigil at pagkatakam hanggang sa paglaban.

Makikita sa Talahanayan 2 ang mga nasabing *fëgulukësën* at konsepto ng *bëngkulën*.

Talahanayan 2

Iba't-ibang Konsepto ng Bengkulen Mula sa mga Fëgulukësën (Kwentong-bayan)

Fëgulukësën (kwentong-bayan)	Konsepto na Nagpapakita ng Bëngkulën
KB#1*	(a) bilang mahigpit na pagsunod sa tradisyon at kaugalian ng mga <i>Tëduray</i>
KB#2*	
KB#3-	
KB#6*	
KB#8*	
KB#9*	
KB#4-	(b) produkto ng kolektibong kama- layang <i>Tëduray</i> na pinagbinhi ng mga pangitaing nagsimula sa isang nakaraan
KB#5*	
KB#6*	
KB#7*	(c) konstuktibong panloob na pag- tingin, isang kulminasyon ng gunitang anestral mula sa pag-alok, pagtanggap, pagpigil at pagkatakam hanggang sa paglaban.
KB#8*	
KB#9*	
KB#10*	

Sa mga *fëgulukësën* makikita ang mga tradisyon at kaugalian ng mga *Tëduray*. Sa unang kategorya makikita ang *fëgulukësën* na ang konsepto ay bilang mahigpit na pagsunod sa tradisyon at kaugalian ng mga *Tëduray*. Batay sa pagsusuring isinagawa sa sampung *fëgulukësën*, anim (6) na kwento ang nakapaloob dito. Ito ang KB#1* *Ispirito Sëlingëw* (Ang Ispirito ng Kalungkutan), KB#2* *Tërësang brab Buyak* (Ang Araw at Buwan), KB#3- *Kërëtarew* (Uod), KB#6* *Timako brab Bungëd* (Ang Timako at Bunëg), KB#8* *Timako brab Bungëd* (Ang Mahiyaing Panauhin) at KB#9* *I Këfëgany Ranao Weh* (Ang Alamat ng Ranao). Ang

mga nabanggit na kuwento ay puno ng kababalaghan ngunit masasalamina dito ang tradisyon at kaugalian ng mga *Tëduray* tulad ng pagsasagawa ng ritwal, fixed marriage o pinagkasundong kasal, pagbibigay *tamuk* o dowry, pagtatago ng dalaga, *këfëduwan* o tradisyon ng pamumuno, poligamya, *blëlian*, *diyat* at *murka-ën* o sumpa.

Ang pangalawang konsepto ng *bëngkulën* ay produkto ng kolektibong kamalayang *Tëduray* na pinagbinhi ng mga pangitaing nagmumula pa sa isang malayong nakaraan. Sa mga *fëgulukësën* nasasalamina ang pinagmulan ng mundo at tao, kasaysayan ng lahing *Tëduray* at unang tirahan ni Mamalu.

Ang ikatlong konsepto ay konstuktibong panloob na pagtingin, isang kulminasyon ng gunitang anestral mula sa pag-alok, pagtanggap, pagpigil at pagkatakam hanggang sa paglaban.

Mula sa mga *fëgulukësën*, nailalantad ang katangi-tanging katangian ng mga *Tëduray* kaugnay ng kanilang pagsunod sa isang tradisyon, ang *bëngkulën*.

Masasabi kung gayon, na ang mahigpit na *paglantaw* ng pangkat sa kanilang nakagisnang tradisyon ang naging dahilan kung bakit nananatiling nakagapos ang tribu sa takot at pagbibigay pagpapahalaga sa *bëngkulën*/hiyang maaaring maidulot ng pagtanggap. Batay sa pagsusuri mula sa mga *fëgulukësën* at naratibo, natuklasan na ang pamahiing *bëngkulën* ng mga *Tëduray* ay may positibo at negatibong naidudulot sa kanila tulad ng pakikisama, pakikipagkaibigan, paggalang, madaling makontento, mapagpasalamat, maagap at may pananagutan kaya naman patuloy nila itong pinaniniwalaan dahil bahagi na ito ng kanilang kultura at bahagi ng kanilang pagkakakilanlan bilang isang pangkat etniko. Ang pagiging mahiyain nila ay nagreresulta ng kanilang negatibong pag-uugali tulad ng pagsisinungaling dahil sa

hiya; kaya ito ang dahilan kung bakit may pamahiin silang *bëngkulën*. Dahil ang *bëngkulën* ay isang kasalanan sa pagtangi, pagpapaliban at pagnanasa sa pagkain, inumin at iba pang gawain kaya iniiwasan nilang mabëngkulën.

Resulta ng Pag-aaral

Mula sa nalikom na sampung (10) *fëgulukësëng* Tëduray at isinalin sa wikang Filipino lumabas na ito ay naglalarawan o nagpapakita ng sitwasyong kaugnay sa konsepto *bëngkulën* ng mga Tëduray. Naitala na ang paniniwala sa konsepto ng bengkulen ng pangkat dahil sa kanilang mahigpit na pagsunod sa tradisyon at kaugalian bilang mga Tëduray. Pangalawang nakitang sitwasyon sa konsepto ng *bengkulen* ay produkto ng kolektibong kamalayang Tëduray na pinagbinhi ng mga pangitaing nagsimula sa nakaugat na nakaraan; at panghuli bilang konstuktibong panloob na pagtingin, isang kulminasyon ng gunitang anestral mula sa pag-alok, pagtangi, pagpigil at pagkatakam hanggang sa paglaban. Mapatunayan rin na ang kanilang *fëgulukësën* (kwentong-bayan) ay nagpapakita ng kanilang paniniwala at nagsisilbing gabay ng mga Teduray sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

Napatunayan sa pag-aaral na ang mga Fëgulukësën (kwentong-bayan) ng mga Tëduray ay nagtataglay ng konsepto ng hiya ng Tëduray; naglalarawan ng kanilang pagpapahalaga sa relasyon (may pagpapahalaga sa kapatid at anak, mapagpatawad, pakikisama); nagpapakita ng pagpapahalagang sosyal (pagmamagandang-loob sa panauhin, mapagpaniwala); naglalahad ng kanilang pagpapahalaga sa kabuhayan (maka-kalikasan, mapang-abuso sa kalikasan); sa kalooban (maawain, masunurin, mapagbigay, mapag, mahiyain, mapagmataas/mapang-

husga, tuso) at naglalarawan ng kanilang pananampalataya sa Diyos.

Mula rin sa ginawang pagsusuri sa mga datos, nakapaglahad ng iilang mga positibo at negatibong *bëngkulën* makikita mula sa mga fëgulukësën (kwentong-bayan) gaya ng: hindi pagtangi sa inaalok na pagkain, inumin at iba pang gawi tulad ng pakikisama, pakikipagkaibigan, at paggalang); pagpigil ng nasa/gusto at pagpapaliban sa pagkain, pag-inom at iba pang gawain (maagap, may pananagutan). Masasalat at nabibigyan ng kahulugan ng mga *fëgulukësën* tungkol sa kanilang kultura at tradisyon na nagsisilbing gabay sa kanilang pakikitungo sa kapwa at sa pang-araw-araw nilang pamumuhay, nagpapakita rin ng identidad.

Natuklasan

Marahil, tumpak lamang ang pag-aaral na ito bilang pagtugon sa panawagan ng lipunan kaugnay sa pagbuo ng kanon ng panitikan sa Pilipinas na sasangkapan ng mga nosyon/sitwasyong pangkatutubo. Batay sa resulta ng papel, natuklasan na mayaman at sangkap ng mga *fëgulukësën* ang kultura, tradisyon, paniniwala at danas ng mga Teduray. Samakatuwid, daluyan ng kasaysayan at danas ng mga ninunong Teduray ang kanilang mga panitikang-bayan higit lalo ang kanilang mga *fëgulukësën*. Naisaysay ng kanilang *fëgulukësën* ang napakayamang kultura ng mga Teduray kaugnay sa kanilang konsepto sa hiya o *bengkulen*.

Natuklasan rin mula sa ginawang pagsusuri sa mga *fëgulukësën* na pinaniniwalaan pa rin ng mga Teduray ang mga matatandang kaugalian sa kabila ng pagiging moderno ng panahon sa kasalukuyan. Ang kanilang pagkapit at pagsunod sa mga hakbang kung paano maiwasang mabëngkulën ay matibay na larawan ng kanilang pagsunod sa tradisyon

ng kanilang mga ninuno. Tunay ngang nailelente ng panitikan ang kasaysayan, kultura at danas ng bayan.

Natuklasan rin na sinasalamin sa *fëgëlukësën* ang identidad ng mga *Tëduray* sa pagbibigay pagpahalaga sa kanilang mga mahal sa buhay. Mahigpit ang bigkis ng kanilang pamilya na tinatawag nilang *se-samung-samung*, kahit malayong kamag-anak ay kinikilala pa rin nilang kamag-anak. Karaniwang katangian nilang ang pagpapahalaga sa kanilang panauhin, malugod nila tinatanggap ang kahit sinong panauhin nila. Likas din sakanila ang pagiging masipag lalo na sa pagkakaingin, kahit walang kagamitang makinarya ay nalilinis at natatamnan ang kabundukan kaya lang naabuso rin nila ang kalikasan dahil nagiging kalbo na ang kabundukan dahil sa pagkakaingin.

Kongklusyon

Isang kabalintunaan kaugnay ng kultura at panitikan ng isang komunidad ang pangyayari at katotohanan na wala ng napepreserbang matandang kaugalian ng bayan dala ng gahum ng edukasyon, Kristianismo, migrasyon, turismo at teknolohiya.

Sa kaso ng mga *Teduray* ng Upi, Maguindanao, malakas pa rin ang pagpapanatili at pananalig ng komunidad sa katutubong kaugalian lalo sa kanilang tradisyon hinggil sa *bëngkulën* kahit sabihin pang naimpluwensiyahan na rin sila ng makabagong kabihasanan o napasok ng konsepto ng akulturasyon.

Napakayaman ng kultura ng *bëngkulën* na inilalarawan ng mga *fëgëlukësën* kung saan naglalahad ito ng tradisyon at kaugalian tulad ng mga ritwal na ginagawa nila sa pag-aani ng mais at palay. Ito ang *rëtus*; pagbibigay-halaga sa kanilang dalaga dahil sa tradisyon ng pagbibigay

tanuk; paniniwala nila sa ispiritu ng lahat ng mga bagay at kay *Tulus* bilang pinakamakapangyarihang Diyos at sa konsepto ng *diyat*.

Samakatuwid, ang paniniwala nila sa konsepto ng *bëngkulën* bilang akto ng pagpapaliban, pagpigil at pagtanggap sa inaalok na pagkain, inumin at iba pang gawain; ang nagpapanatili sa pamahiing naglalarawan ng mga katangian ng mga *Tëduray* tulad ng pakikisama, pakikipaghalubilo, paggalang, madaling makontento, mapagsalamat, maagap at may pananagutan sa buhay, ang humulma sa kabuuan ng kanilang pagkatao at pagka-*Teduray* sa lipunan ng bansa.

Rekomendasyon

Batay sa naging resulta ng pag-aaral at nabuong konklusyon, nais irekomenda ang sumusunod:

Palawakin ang mga pag-aaral ng panitikang *Tëduray* upang lubusang maunawaan at makilala ang pangkat na ito.

Magsaliksik ng iba pang *fëgëlukësën* na naglalahad ng iba pa nilang paniniwala tulad ng *murka-ën* o gaba ng mga *Tëduray*.

Magsagawa rin ng mga pag-aaral na magpapaliwanag naman ng ritwal na isinasagawa sa iba pang okasyon sa kanilang buhay.

Pag-aralan ang paniniwala na nangingibabaw sa kanilang relihiyon upang lubusang mabatid ang kanilang kaangkinan.

Mga Reperensya

Barry, P. (2002). *Beginning theory, an introduction to literary and cultural theory*. Manchester and New York.

- Manchester University Press.
- Catipay, T.M. (2019). *Antolohiya ng mga Sugbu-anun'g fēgulukēsēn (kwentong-bayan): Pagbabalik-tanaw sa buhay at kulturang Cebuano*. Cebu Normal University, Cebu City. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research* mula sa www.apjmr.com.
- Dalin, A.V. (2015). *Bakit ba kayo nahihya*. Kinuha mula sa <https://uclaliwanagatdilim2015.wordpress.com/2015/08/18/bakit-ba-tayo-nahihya/>
- De Leon, F. (2017). *Sampakasaan sa k'wentong bayan*. UP Diliman Information Office (UPDIO). University of the Philippines. UP Diliman, Quezon City.
- Dimaudtang, S.G. (2013). *Mga kwentong bayan ng mga taw sa Ilud at taw sa Laya: pagmamapang pangkasaysayan at pangkalikasan ng mga Maguindanawn*. Departamento ng Filipino at ibang mga wika. MSU-IIT, Iligan City.
- Eugene, D.L. (1996). *Philippine folk literature: The legends*. Manila: UP Diliman Press.
- Genette, G. (2016). *Gerard Genette and structural narratology*. Kinuha mula sa <https://literariness.org/2016/12/03/gerard-genette-and-structural-narratology/>
- Greenblatt, S. (1943). *The new historicism*. Research Gate. Kinuha mula sa <https://www.researchgate.net/publication>
- Propp, V. (1987). *Morphology of folktale*. Kinuha mula sa <http://www.thenarratologist.com/literary-theory/literary-theory-morphology-of-the-folktale-1928-by-vladimir-propp/>
- Maister, J.C. (2003). *Computing action, narratology approach*. Berlin de Gruyter.
- Malpas, S., & Wake, P. (ed.) (2006). *The Routledge comparison to critical theory*. New York: Routledge USA and Canada.
- Mandi, D.M. (2016). *Fusuka Uret be katafuay Teduray ye etew*. Nuro, Upi, Maguindanao (di-limbag).
- Oderberg, D. (1999). On the cardinality of the cardinal virtues. *International Journal of Philosophical Studies*. 7(3): 305-322.
- Ogdoc, D. (2012). *Urban legends of Mandaue*. Cebu Normal University.
- Panganiban, J.V. et al. (2000). *Panitikan ng Pilipinas*. Binagong Edisyon. Manila. Rex Bookstore.
- Pradi, G. (1984). ERIC clearing on reading and communication skill. Urbana IL., ERIC identifier. Kinuha mula sa ED250698, <https://www.ericdigests.org/pre-921/story.htm>Sauco, C.P. et al.
- Reyes, S. S. (1992). *Kritisismo: Mga teorya at antolohiya para sa epektibong pagtuturo ng panitikan*. Anvil Publishing, Inc
- Roquero, C. M. (1972). *Tiruray home and social life*. Manila: Bookman, Inc.
- Salvador, S. C. (personal na panayam) noong Pebrero 24,2019, ganap na 11:00 ng umaga sa Borongotan, Tudok Mamot, Upi, Maguindanao.
- Schlegel, S.A.(1970). *Tiruray justice, traditional Tiruray law and morality*. Berkeley, Los Angeles, London. University of California Press.
- Schlegel, S.A.(1999). *Wisdom from rainforest, the spiritual journey of an anthropologist*. Manila: Ateneo de Manila University Press.
- Trecero, F. C. (1972). *Tiruray life and stories*. Manila: Mission Publishing Co .